

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_

## Pagtukoy ng Uri ng Pang-uri

Isulat ang mga titik **PL** kung ang pang-uri na may salungguhit ay **pang-uring panlarawan**, **PM** kung ito ay **pang-uring pamilang**, at **PT** kung ito ay **pang-uring pantangi**.

- \_\_\_\_\_ 1. Kausapin natin ang ating kaklase na mahiyain.
- \_\_\_\_\_ 2. Isang paring Katoliko ang namuno sa misa sa EDSA.
- \_\_\_\_\_ 3. Nakapila na ang mga mag-aaral sa ika-anim na baitang.
- \_\_\_\_\_ 4. Binigyan ako ni Tatay ng singkuwenta pesos.
- \_\_\_\_\_ 5. Tangkilikin natin ang mga produktong Pilipino.
- \_\_\_\_\_ 6. Luma na ang mga kasangkapan sa bahay ni Lola.
- \_\_\_\_\_ 7. Si Jessica ang pangalawang kalahok na kakanta.
- \_\_\_\_\_ 8. Napakatamis ng mga manggang Guimaras!
- \_\_\_\_\_ 9. Ang mga daan papuntang bayan ay baku-bako.
- \_\_\_\_\_ 10. Si Noynoy Aquino ay ang ikalabinlimang pangulo ng Pilipinas.
- \_\_\_\_\_ 11. Dalhin mo itong itim na bag sa loob ng bahay.
- \_\_\_\_\_ 12. Nagpadala ako ng mga longganisang Lucban kay Shiela.
- \_\_\_\_\_ 13. Sinususuklay ni Nanay ang mahabang buhok ni Rachel.
- \_\_\_\_\_ 14. Isinuot ni Ginoong Martin ang bagong barong Tagalog.
- \_\_\_\_\_ 15. Nakaabang sa pinto ang tatlong aso ni Rommel.